



ABISO SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

LUNGSOD NG LONG BEACH

ABISO SA PAMPUBLIKONG PAGDINIG

Iminumungkahing Pagtaas ng Mga Singil sa Tubig

Ayon sa batas ng Estado, ang Long Beach Water Department ay magsasagawa ng pampublikong pagdinig sa Agosto 29, 2019 upang isaalang-alang ang protesta ng publiko sa mga iminumungkahing pagtaas ng mga singil sa tubig ng Lungsod, na magiging epektibo sa Oktubre 1, 2019. Ang isang may ari ng account ng tubig sa Lungsod ng Long Beach ay maaaring magprotesta sa mga iminumungkahing pagbabago sa mga singil sa tubig ng Lungsod sa pamamagitan ng nakasulat na protesta. Ito ay kailangang matanggap pagdating ng pagsasara ng pampublikong pagdinig.

ANG NAKASULAT NA PROTESTA AY KAILANGANG MATANGGAP SA PETA SA NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG

Long Beach Board of Water Commissioners
Attn: Executive Assistant To The Board
1800 East Wardlow Road
Long Beach, CA 90807
Sandy.Fox@lbwater.org

PAMPUBLIKONG PAGDINIG SA Agosto 29, 2019, 7:00pm

Assembly Room ng Long Beach Groundwater Treatment Plant
2950 Redondo Avenue
Long Beach, CA 90807

ដើម្បីស្នើសុំការជូនដំណឹងនេះ ជា
ភាសាផ្សេង សូមទាក់ទងទូរសព្ទលេខ
562-570-2300

Para solicitar este aviso en otro
idioma, llame al 562-570-2300

Para hilingin ang abisong ito sa
alternatibong wika, pakitawagan
ang 562-570-2300

Bakit ako nakakatanggap ng Abisong ito?

Nagtataka ang batas ng Estado (Panukala 218) ng isang proseso upang magpatupad o magtaas ng ilang uri ng mga singil/bayarin ng Lungsod. Partikular dito, ang ilang “bayaring may kaugnayan sa ari-arian” (kabilang ang mga singil sa tubig) ay napapailalim sa isang may abisong pampublikong pagdinig/proseso ng “pagprotesta ng nakakarami.” Ang Abisong ito ay bahagi ng prosesong iyon. Natanggap mo ang abisong ito 45 araw bago ang pampublikong pagdinig sa Agosto 29, 2019 bilang kinikilalang may-ari ng account na nahaharap sa mga iminumungkahing singil sa tubig. Bilang may-ari ng account, may karapatan kang magpasa ng nakasulat na protesta sa iminumungkahing pagtaas ng singil.

Lahat ng may-ari ng rekord at mga miyembro ng publiko ay iniimbitahang dumalo sa pampublikong pagdinig. Papakinggan at Isasaalang-alang ng Board of Water Commissioners ang lahat ng pahayag pati ang lahat ng mga nakasulat na protesta laban sa mga iminumungkahing pagtaas ng singil. Sa pagsasara ng pampublikong pagdinig, maaaring pagtibayin ng Board ang mga bagong presyo kung ang mga nakasulat na protesta laban sa iminumungkahing pagtaas ay hindi kumakatawan sa karamihan ng mga kinikilalang account kung saan sisingilin ang mga bayarin (isang “protesta ng nakararami”).

Iminumungkahing Singil sa Tubig at Sewer Buwan-buwan:

Kung maaaprubahan, lahat ng singil sa tubig ay tataas nang 12 porsiyento, epektibo sa Oktubre 1, 2019. Walang iminumungkahing pagtaas sa singil sa sewer.

Inaprubahan ng Long Beach Board of Water Commissioners ang lahat ng pagtaas ng singil sa tubig na babayaran ng lahat ng mga customer ng patubig ng Long Beach Water Department (LBWD) na napapailalim sa nabanggit na pampublikong pagdinig at pag-apruba ng Konseho ng Lungsod. Ibibigay sa dulo ng Abisong ito ang isang detalyadong table ng mga iminumungkahing pagtaas para sa lahat ng klase ng customer.

Bilang halimbawa, ang pagtaas ng mga bayarin ay magtataas ng average na pinagsamang singil sa patubig at sewer buwan-buwan para sa karaniwang iisang pamilyang sambahayang nang \$5.46 (ipinapagpalagay ang kalkulasyong 10 yunit ng singil sa parehong tubig at sewer).

Epekto sa Karaniwang Iisang ng Pamilyang Sambahayan Buwan-buwan:

	Kasalukuyan	Pagtaas	Iminumungkahi
Tubig	\$45.63	\$5.46	\$51.09
Sewer	\$10.32	\$0.00	\$10.32
Kabuuan Buwan-buwan	\$55.95	\$5.46	\$61.41

Tandaan:

Ipinapakita ng table na ito ang average na singil buwan-buwan para sa serbisyo ng isang karaniwang iisang pamilyang sambahayan, na ipinagpapalagay sa 10 yunit ng pagsingil. Ang isang “yunit ng pagsingil” ay katumbas ng 748 galon.

Paano kinakalkula ang aking bill sa Tubig at Sewer?

Ang bill sa tubig ng bawat customer ay binubuo ng dalawang magkahiwalay na bahagi: (i) isang arawang singil sa serbisyo ayon sa laki ng metro ng customer at bilang ng mga araw sa panahon ng paniningil, at (ii) isang volumetric na singil ayon sa dami ng tubig na batay sa aktwal na nagamit ng customer.

Ang bill sa sewer ay binubuo rin ng (i) isang arawang singil sa serbisyo ayon sa laki ng metro ng customer at bilang ng mga araw sa panahon ng paniningil, at (ii) isang volumetric na singil sa dami ng tubig na batay sa aktwal na nagamit ng customer, na naka-cap sa average na paggamit ng tubig ng customer sa taglamig.

Ang kumpletong table ng mga singil sa tubig at sewer ay maaaring makita sa abisong ito sa ibaba. Ang higit pang impormasyon sa pagkalkula ng iyong bill at mga iminumungkahing singil para sa mga bahaging ito ay maaaring makita sa lbwater.org/billing-rates.

Bakit tumataas ang mga singil sa tubig?

Ang kitang nagmumula sa mga singil sa tubig at sewer ng customer ay ginagamit upang bayaran ang kasalukuyang operasyon, pagpapanatili, pag-aayos at pagpapalit ng mga kasalukuyang sistema ng patubig at sewer. Natukoy sa mga workshop sa pampublikong budyet at singil ng LBWD noong Abril at Mayo 2019 ang mga pagtaas sa mga halaga ng operasyon, kapital na puhunan at labor na nangangailangan ng 12% pagtaas sa mga singil sa tubig upang mapanatili ang serbisyo sa patubig. Tumaas ang halaga ng pagbili, pag-pump at paglilinis ng tubig para sa ating mga customer ay tumaas, at ang karagdagang pamumuhunan sa mga bago at na-upgrade na balon ng tubig mula sa ilalim ng lupa ay kailangan upang makapag-pump ang LBWD ng kumpletong dami ng tubig mula sa ilalim ng lupa na legal na pinapahintulutan para makamit ang pinakasulit na halaga para sa mga customer ng Long Beach.

Upang higit pang matutunan ang tungkol sa mga pinagbasehan at dahilan ng iminumungkahing pagtaas ng singil, paki-access ang aming homepage sa lbwater.org/budget-documents.

Ang mga pamumuhunan sa aming sistema ng patubig ngayon ay nagpapataas sa pangmatagalang access sa ating pinakaabot-kayang pinagkukunan ng suplay ng tubig.

Upang ipagpatuloy ang maaasahang paghahatid ng tubig sa iyo, ang imprastruktura ng patubig ng Long Beach ay sistematikong pinapahusay. Ang pamumuhunan sa ating sistema ng patubig ay nagbibigay-daan sa aming pataasin ang access sa pag-pump ng mataas na kalidad na tubig mula sa ilalim ng lupa. Kabilang dito ang pagpapahusay at rehabilitasyon ng mga bago at kasalukuyang balon ng tubig mula sa ilalim ng lupa pati na ang mga pamumuhunan sa teknolohiyang sumusuporta sa Long Beach Groundwater Treatment Plant. Sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa ating mga pamumuhunan sa mga napagkukunan ng tubig mula sa ilalim ng lupa, maaaring bawasan ng Lungsod ang ating pag-asa sa mas mahal at inaangkat na pinagkukunan ng tubig.

Ang Proseso ng "Protesta ng Nakakarami":

Lahat ng protesta ay kinakailangang nakasulat upang kilalanin bilang isang "protesta ng nakakarami." Maaari mong ipasa ang nakasulat na protesta sa pamamagitan ng standard na koreo, e-mail o nang personal. Ang mga naka-koreo o naka-email na protesta ay kailangang personal na matanggap ng Executive Assistant ng Long Beach Board of Water Commissioners (hindi naka-postmark) pagdating ng pagsasara ng pampublikong pagdinig sa Agosto 29, 2019. Kung gusto mong personal na ihatid ang iyong nakasulat na protesta, dapat itong matanggap ng Executive Assistant bago ang pagsasara ng Pampublikong Pagdinig. Kung hindi mo pa naihanda nang maaga ang nakasulat na protesta ngunit gusto mong magsumite ng isa sa panahon ng pampublikong pagdinig, bibigyan ka ng isang nakasulat na form. Kailangan mong pirmahan ang nakasulat na protesta at ilagay ang iyong pangalan at address ng kalye. Kung may kahit na sinong may-ari ng kinikilalang account ang magsasampa ng nakasulat na protesta, ang account na iyon ay ipagpapalagay na nagpo-protesta sa iminumungkahing pagtaas ng singil. Tanging isang nakasulat na protesta lang ang bibilangin para sa bawat kinikilalang account tungo sa isang "protesta ng nakakarami."

Agad na bibilangin ng Executive Assistant ang mga nakasulat na protesta pagkatapos ng pagsasara ng Pampublikong Pagdinig at direktang iuulat ang mga resulta sa Long Beach Board of Water Commissioners. Maaaring pagtibayin ng Board ang mga bagong presyo kung ang mga nakasulat na protesta laban sa mga iminumungkahing pagtaas ay hindi kumakatawan sa karamihan sa mga kinikilalang account kung saan sisingilin ang mga iminumungkahing bayarin.

Kung ayaw mong iprotesta ang mga iminumungkahing singil, hindi mo kailangang gumawa ng anumang aksyon.

Kung gusto mong iprotesta ang mga iminumungkahing singil, kailangang magbigay ka ng nakasulat na protesta tulad nang nakabalangkas.

Naiinom VOLUMETRIC			Naiinom ARAWANG SINGIL SA SERBISYO:			Reclaimed VOLUMETRIC			Reclaimed ARAWANG SINGIL SA SERBISYO:								
Volumetric na Singil ayon sa Uri ng Customer: Para sa isang pamilya, maramihang pamilya, at duplex na customer na nabigyan ng exemption mula sa Utility Users Tax ng Lungsod.			Laki ng Serbisyo 5/8 o ¾ pulgada 0.587 1 pulgada 0.870 1-1/2 pulgada 1.578 2 pulgada 2.428 3 pulgada 5.117 4 pulgada 8.653 6 pulgada 19.267 8 pulgada 39.786 10 pulgada 59.598 12 pulgada 75.163 16 pulgada 110.540			Iminumungkahi Okt 1, 2019 0.657 0.657 1.767 2.719 5.731 9.691 21.579 44.560 66.750 84.183 123.805			Peaking 1.985 Hindi peaking 1.685 Interruptible 1.685			Kasalukuyan 1.985 1.685 1.685			Iminumungkahi Okt 1, 2019 2.223 1.887 1.887		
Tier IA Unang 6 0.000 II Susunod na 7 3.928 III Higit sa 13 5.732			Iminumungkahi Okt 1, 2019 0.000 4.399 6.420			Sewer VOLUMETRIC Sa bawat 100 Cu. Ft. 0.357			Iminumungkahi Okt 1, 2019 0.357			Katulad ng Arawang Singil sa Serbisyo sa Ininom na Tubig					
Para sa iisang pamilya, maramihang pamilya, at duplex na customer na hindi nabigyan ng exemption sa Utility Users Tax ng Lungsod.			Di-nakametro ng Tubig Laki ng Serbisyo 5/8 o 3/4 pulgada 2.548 1 pulgada 4.311 1 - 1/2 pulgada 10.619 2 pulgada 16.705			Iminumungkahi Okt 1, 2019 2.854 4.828 11.893 18.710			Sewer ARAWANG SINGIL SA SERBISYO: Laki ng Serbisyo 5/8 o 3/4 pulgada 0.225 1 pulgada 0.333 1 - 1/2 pulgada 0.874 2 pulgada 1.507 3 pulgada 3.511 4 pulgada 5.079 6 pulgada 14.150 8 pulgada 14.999 10 pulgada 23.218 12 pulgada 29.284 16 pulgada 43.069			Kasalukuyan 0.225 0.333 0.874 1.507 3.511 5.079 14.150 14.999 23.218 29.284 43.069			Iminumungkahi Okt 1, 2019 0.225 0.333 0.874 1.507 3.511 5.079 14.150 14.999 23.218 29.284 43.069		
Para sa Komersyal, Industrial, Irgasyon at sa Lungsod			Mga Singil sa Fireline Laki ng Serbisyo 2 pulgada 0.347 3 pulgada 0.698 4 pulgada 1.305 6 pulgada 3.478 8 pulgada 7.227 10 pulgada 12.867 12 pulgada 20.683 16 pulgada 43.892			Iminumungkahi Okt 1, 2019 0.389 0.782 1.462 3.895 8.094 14.411 23.165 49.159			Kasalukuyan 3.052			Iminumungkahi Okt 1, 2019 3.418					

